# ANG KASAYSAYAN NG DOMRA SA RUSYA

Inessa Gareeva
*salin sa Filipino ni Herman Manalo Bognot*

Ang katawagan ng instrumentong "*domra*" ay nakilala lamang noong ika-XVI na siglo, bagamat ang unang kaalaman ukol sa mga instrumentong may tali (*strings*) na pinipitik ay nakarating sa Rusya noon pang ika-X siglo. Ang manlalakbay na Arabong si Ahmed Ibn Fadlan, Kalihim ng Pasuguan ng Khalif ng Baghdad, ay nag-iwan ng masusing paglalarawan ng kanyang paglalakbay sa ilog ng Volga sa Rusya noong taong 921. Napuna niya na sa seremonya ng paglilibing sa isang pumanaw na Ruso, kasama ng pagkain at inumin ay pinababaunan din ang namatay ng "*tunbur*" o instrumentong may mga tali at hawakan [7, p. 89].

Alam ng madla na hindi naging madali ang kapalaran ng mga katutubong instrumento sa Rusya. Itinuring ng Simbahang Orthodox ang *domra*, *gudki*, at *gusli* bilang kagamitang pampaganong kulto kaya't hinadlangan ang paglaganap ng mga ito. Unang ipinakilala sa mga bansa ng Europa noong ika-VII siglo ang *organ* sa Simbahang Katoliko at ang instrumental na musika ay naging bahagi na ng mga misa. Sa Rusya magpahanggang ngayon ay awitan lamang ng koro ang maririnig sa mga misa sapagkat ipinagbabawal ang instrumental na musika ng Simbahang Orthodox. Noong taong 1648 ay naglabas ng batas si Tsar Alexey Mikhailovich (ama ng Dakilang Pyotr) na "Ukol sa Pagtutuwid ng Kaugalian at Pagwasak sa Maling Paniniwala". Inusig ang mga naglalakbay na musikero, winasak ang kanilang mga instrumento, at ang mga tumutugtog ay ipinatapon sa malalayong dako, Alam ng marami ang malungkot na pangyayari nang inipon sa pampang ng ilog Mosku ang mga instrumento mula sa buong Rusya at doon ay sinunog [5, p.122]. Inusig din pati ang mga taong kumupkop sa mga musikerong tinutugis.